

Apat na hakbang upang maka-access sa mga serbisyo

1. Mag-aplay para sa isang assessment

Bisitahin ang MyAgedCare.gov.au/Apply-Online, libreng tawag sa **1800 200 422*** o mag-book ng harapang appointment sa Services Australia. Tatanungin ka tungkol sa iyong mga pangangailangan sa pangangalaga, kailangang ipakita mo ang iyong Medicare card, at magbigay ng pahintulot kung ibang tao ang nag-aaplay para sa iyo.

2. Pagkakaroon ng assessment

- Ipapadala ng My Aged Care ang iyong aplikasyon sa isang lokal na tatasang organisasyon, na kokontak sa iyo upang mag-book ng pagtatasa.
- Darating ang isang assessor sa iyong bahay at tatanungin ka tungkol sa iyong pang-araw-araw na mga gawain, iyong mga pangangailangan at mga kagustuhan, at ano ang maaaring kailanganin mong tulong.
- Maaari kang magsama ng miyembro ng pamilya, kaibigan o tagapag-alaga upang suportahan ka.

3. Alamin ang tungkol sa mga gastos

Upang matantiya ng iyong mga gastusin sa aged care:

Para sa mga aged care home, bisitahin ang MyAgedCare.gov.au/Aged-Care-Home-Fee-Estimator

Para sa programang Support at Home, bisitahin ang MyAgedCare.gov.au/Support-At-Home-Fee-Estimator

Tatasahin ng Services Australia ang iyong kinikita at/o pinakakakitaan. Kung mayroon kang pensyon, gagamitin nila ang iyong impormasyon na mayroon na sila.

4. Maghanap ng provider

Ang iyong assessor o ang tool na 'Find a provider (Maghanap ng provider)' sa website ng My Aged Care ay makakatulong sa iyo na makahanap ng mga aged care service provider sa inyong lugar: MyAgedCare.gov.au/Find-A-Provider.

Karagdagang impormasyon

Bisitahin ang: MyAgedCare.gov.au

Libreng tawag: 1800 200 422*, Lunes hanggang Biyernes mula 8 am to 8 pm at Sabado mula 10 am to 2 pm.

Sa harapan: bisitahin ang isang **service center ng Services Australia** o mag-book online para sa isang appointment para makipag-usap sa isang Aged Care Specialist Officer kung mayroong isa sa inyong lugar, o gamitin ang video chat. Bisitahin ang ServicesAustralia.gov.au/MyAgedCareFaceToFace o libreng tawag sa **1800 227 475***.

Kung ikaw ay Bingi, bingi't bulag o mahina ang pandinig: makipag-ugnayan sa National Sign Language Program. Mag-book sa DeafConnect.org.au/Services/Interpreting

Makakatulong ang National Relay Service kung nahihirapan kang makarinig o magsalita gamit ang telepono. Bisitahin ang AccessHub.gov.au/About-The-NRS at humiling ng relay sa **1800 200 422***.

Translating and Interpreting Service: tumawag sa **131 450**, sabihin sa operator ang wikang ginagamit mo at hilingin sa kanya na tumawag sa **1800 200 422***.

Kung ikaw ay isang beterano o war widow/er (biyuda/biyudo ng giyera): maaaring marapat ka para sa mga serbisyo o programa ng Department of Veterans' Affairs. Tanungin ang My Aged Care para sa karagdagang impormasyon.

Maaari kang **magreklamo** kung sa palagay mo ay hindi natugunan ang iyong mga karapatan. Makipag-ugnayan sa **Aged Care Quality and Safety Commission** sa libreng tawag **1800 951 822***.

Alamin ang higit pa kung paano pinangangasiwaan ng My Aged Care ang iyong personal na impormasyon sa MyAgedCare.gov.au/Privacy

*Ang mga 1800 na tawag ay libre mula sa mga landline at karamihan sa mga mobile phone provider sa Australya ay nag-aalok na ngayon ng mga libreng tawag sa 1800 na numero. Itanong sa iyong mobile phone provider.



Australian Government



Hanapin ang tulong na kailangan mo sa My Aged Care

Libreng tawag: **1800 200 422**

Website: MyAgedCare.gov.au

Sa harapan: mag-book ng appointment sa Services Australia

Ano ang My Aged Care?

Ang My Aged Care ang pasimula sa pag-access sa mga serbisyo ng aged care na pinondohan ng Pamahalaan ng Australya. Nagbibigay ito ng impormasyon tungkol sa:

- iba't ibang uri ng makukuhang mga serbisyo sa aged care
- kung ano ang maaaring marapat ka para sa
- pag-aplay para sa assessment sa aged care
- pagkakaroon ng isang tagasuporta
- mga referral sa mga service provider na makakatulong sa iyo na matugunan ang iyong mga pangangailangan
- suportang makukuha upang tulungan kang maunawaan at ma-navigate ang sistema ng aged care
- iyong kontribusyon sa halaga ng iyong aged care.

Anong mga serbisyo ang available?

Pag-aalaga sa bahay

Pinapabuti ng Pamahalaang Australya ang in-home aged care (pangangalaga sa matatanda sa bahay) upang matulungan ang mga tao na mamuhay nang independiyente nang mas matagal.

Maaaring maging marapat ka para um-access sa suporta upang matulungan kang manatiling independiyente, ligtas at may pagtuon sa iyong mga lakas at layunin.

Maaaring kabilang sa mga serbisyo ang:

- personal na pangangalaga tulad ng tulong sa pagbibihis o paliligo
- transportasyon
- mga pagbabago sa iyong bahay, tulad ng mga hand rail o ramp
- nursing, physiotherapy at iba pang pangangalaga
- tulong sa pagkain
- tulong sa paglilinis ng iyong bahay o paghahalaman
- kagamitang pangkaligtasan tulad ng mga walking frame
- mga aktibidad na pangkultura at panlipunan upang makatulong na panatilihin ang aktibo at malusog ang iyong isip at katawan.

Panandaliang tulong

Matutulungan ka rin ng My Aged Care na maka-access sa mga serbisyo ng panandaliang pangangalaga para sa mga sitwasyong tulad ng:

- paggaling mula sa isang sakit, kasama na ang pagkatapos maospital
- kapag nagka-problema at nais mong maging independiyenteng muli
- kapag ikaw, o ang iyong tagapag-alaga, ay nangangailangan ng pahinga (respite care o panghaliling pangangalaga)
- end of life care (pangangalaga sa mga huling-sandali-ng-buhay) para tulungang manatili sa bahay ang mga matatanda sa kanilang mga huling buwan.

Pangangalaga sa isang aged care home

Kung kailangan mo ng patuloy na tulong sa mga pang-araw-araw na gawain o pangangalagang pangkalusugan, hahayaan ka ng residential aged care home na manirahan sa isang sinusuportahang kapaligiran kung saan may makukuhang tulong 24 na oras araw-araw.

Sino ang nagbabayad para sa mga serbisyo?

Ang pamahalaan ay nag-aambag sa gastos ng mga serbisyo sa aged care. Kung makakaya mo, maaaring kailanganin mo ring mag-ambag sa gastos.

Magkano ang babayaran mo ay maaaring mag-depende sa:

- iyong sitwasyon sa pananalapi
- bilang at uri ng mga serbisyong natatanggap mo
- service provider.

Marapat ka ba para sa mga serbisyo?

Matutulungan ka ng My Aged Care na maunawaan:

- kung anong mga serbisyo ang available
- kung magkano ang halaga ng mga ito
- kung paano mo maa-access ang mga ito.

Gamitin ang online na tool na 'Should I apply' (Dapat ba akong mag-apply) upang malaman kung matutugunan mo ang mga kinakailangan para sa isang pagtatasa (assessment)
[MyAgedCare.gov.au/Should-I-Apply](https://www.myagedcare.gov.au/Should-I-Apply)

Mga karagdagang serbisyong pangsuporta

Elder Care Support – tumutulong sa mga nakatatandang Aborihinal at Torres Strait Islander na mga tao, sa kanilang mga pamilya at tagapag-alaga upang maka-access sa mga serbisyo ng aged care. Bisitahin ang [MyAgedCare.gov.au/Elder-Care-Support-Program](https://www.myagedcare.gov.au/Elder-Care-Support-Program)

Care Finder program – tumutulong sa mga matatandang tao na walang tagapag-alaga o taong tagasuporta, at nangangailangan ng mas nakatutok na tulong, upang maka-access sa mga serbisyo ng aged care at iba pang suporta sa komunidad. Bisitahin ang [MyAgedCare.gov.au/Help-Care-Finder](https://www.myagedcare.gov.au/Help-Care-Finder)

Suporta para sa mga tagapag-alaga

Care Gateway – libreng tawag sa **1800 422 737*** Lunes hanggang Biyernes sa pagitan ng 8 am at 5 pm. [CarerGateway.gov.au](https://www.carergateway.gov.au)

Dementia Australia – National Dementia Helpline: libreng tawag sa **1800 100 500***, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. [Dementia.org.au](https://www.dementia.org.au)

Dementia Support Australia – para sa ibinagay na suporta na may mga pagbabago sa pag-uugali: libreng tawag sa **1800 699 799***, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. [Dementia.com.au](https://www.dementia.com.au)

Bisitahin ang **website ng My Aged Care** para sa karagdagang impormasyon
[MyAgedCare.gov.au/Carers](https://www.myagedcare.gov.au/Carers)

Adbokasya, impormasyon at suporta

Matutulungan ka ng Older Persons Advocacy Network upang:

- maunawaan at gamitin ang iyong mga karapatan
- humanap ng mga serbisyong nakakatugon sa iyong mga pangangailangan, at
- lutasin ang mga isyu sa iyong provider na pinopondohan ng pamahalaan.

Libreng tawag sa **1800 700 600*** Lunes hanggang Biyernes sa pagitan ng 8 am at 8 pm, Sabado 10 am hanggang 4 pm. [OPAN.org.au](https://www.opan.org.au)